



Ang Nauvoo Relief Society ay itinatag sa Red Brick Store.

1840

1842

1844

Pagpaslang kina Joseph at Hyrum Smith.

1850

1854

Unang mga Utah Relief Society na binuo upang gumawa ng mga damit para sa mga Katutubong Amerikanang babae at bata.

1860

Tinawag ni Brigham Young si Eliza R. Snow na pangasiwaan ang pagtatatag ng Relief Society sa buong Simbahan.

1868

1870

1872

Kasama ang kababaihan ng Utah sa mga unang bumoto sa Estados Unidos.

1880

WOMAN'S EXPONENT

EMMA H. SMITH
1842

DETAILYE MULA SA PAGPASLANG KINA JOSEPH AT HYRUM, NI GARY ERNEST SMITH.

ELIZA R. SNOW
1866

Sa

Utah

patuloy na nagsisikap ang mga Relief Society na magligtas ng mga kaluluwa at tumugon sa mga pangangailangan. Naglingkod din ang mga Relief Society sa dumarating na mga imigrante, kabilang na ang mga nakaligtas sa Willie at Martin handcart companies, at nagbigay ng mga suplay, pagkain, at panggagamot. Simula noong 1868, nagsimulang magtayo ang mga lokal na ward Relief Society ng mga hall kung saan sila nagpu-long, nangalaga ng mga maralita, nagnegosyo, at nagbenta ng mga produkto. Natapos ang pagtatayo ng mga ward Relief Society hall noong 1924.

1. Ano ang mayroon sa Relief Society na dahilan ng pagkakaisa ng kababaihan mula sa iba't ibang kultura at iba't ibang sitwasyon?

Sister Burton: Ang pagkaalam tungkol sa at pamumuhay ayon sa ating layunin ay pinagkakaisa tayo sa kabila ng pagkakaiba ng ating mga kultura. Nakilala ko ang isang babae sa Uruguay noong isang taon na nagsabi sa akin kung paano siya tinawag na maging Relief Society president sa pinakamahirap na panahon ng kanyang buhay. Natukso siyang sabihing, “Hindi ko po kayang gawin ito ngayon mismo.” Pero dahil nakagawa siya ng mga sagradong tipan, sabi niya, “Gagawin ko ang ipinagagawa sa akin. Sumasampalata ako sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Alam ko sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala na magagawa ko ito.” Pagkatapos ay sinabi niya sa akin, “Naghatid ng liwanag sa buhay ko ang aking tungkulin nang maglingkod ako sa aking mga kapatid. Umasa ako sa Panginoon, at pinagpala Niya ako.”

Naunawaan ko ang layunin ng Relief Society sa kuwento niya. Tinulungan siya ng kanyang pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala.” Nakagawa siya ng mga

sagradong tipan at ninais niyang tuparin ang mga ito. Nang makiisa siya sa bishop, tinupad niya ang kanyang tungkulin. Ngayon ay may patotoo na siya na pinagpapala tayo ng Panginoon kapag nagtitiwala tayo sa Kanya. Idinaragdag ko ang aking patotoo sa kanyang patotoo na tutulungan tayo ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo sa bawat hamon sa buhay na ito at sa lahat ng bagay na tila hindi makatarungan sa buhay na ito.

Sister Stephens: Ang ating pananampalataya sa kapangyarihan ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas ang malaking dahilan ng ating pagkakaisa. Ang pagmamahal natin sa ating Ama sa Langit at ang kaalaman tungkol sa Kanyang dakilang plano ng kaligayahan ang nagbibigkis sa atin sa paghahangad natin ng buhay na walang hanggan. Ang ating kababaihan ay mga walang asawa, may asawa at anak, o may asawa ngunit walang anak. May mga biyuda at diborsyada. Ang pag-asa natin ay na maaari tayong magkaisa at maging isa kapag naunawaan natin ang ating pagkatao, ating gawain, at ating layunin.

Sister Reeves: Ang pagkakaisa ay nagpapaligaya sa atin dahil



walang pagtatalo at nananahan ang pag-ibig ng Diyos sa ating puso (tingnan sa 4 Nephi 1:15). Dinarraig ng pagkakaisa ang lahat ng pagkakaiba-iba. Gustung-gusto naming madama ng ating kababaihan ang pagmamahal na iyon para sa Tagapagligtas. Gustung-gusto naming magkaisa sa pagtulong na maisakatuparan ang Kanyang mga layunin.

2. Ano ang magagawa ng kababaihan kung hindi nila madama na bahagi sila ng Relief Society?

Sister Stephens: Ang hangarin ng aming puso bilang presidency ay na maunawaan ng kababaihan ang kanilang walang-hanggang pagkatao. Noon pa man ay bahagi na tayo ng gawain ng Diyos. Bilang kababaihan napagkalooban tayo ng espesyal na mga kaloob para sa kapakinabangan ng lahat. Tinuruan at sinanay tayo sa premortal na buhay kung ano ang ating magiging gawain. Tayo ay nasa malaking Kapulungang iyon sa Langit kung saan pinili natin ang plano ng Ama sa Langit, na kinabilangan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Naghiyawan tayo sa galak sa ideyang magkakaroon tayo ng mortal na katawan.

Sa lupa, simula kay Inang Eva, patuloy na naging bahagi ng gawain ng Diyos ang kababaihan. Inorganisa ni Propetang Joseph Smith ang kababaihan ayon sa pagkakaayos ng priesthood—isang huwaran na umiiral na noon pa man—nang